



## MGA PANGUNAHING BAGAY TUNGKOL SA PAMILYANG MAPAGKUKUNAN

*Isang buod ng mahalagang impormasyon para sa mga pamilyang mapagkukunan ng DHS*

*DHS - Dept. of Human Services	* SW-Social Worker	*GAL-Guardian Ad Litem	*FC- Foster Custody (Kustodyang Foster)
*SSA - Social Service Assistant (Tumutulong sa mga Serbisyon Panlipunan)	*CWS-Child Welfare Services (Mga Serbisyo sa Kapakanan ng mga Bata)		
*CASA- Court Appointed Special Advocate (Espesyal na Tagapagtaguyod na Hinirang ng Korte)	*PC = Permanent Custody (Permanenteng Kustodya)		
*Bata - Batang nasa foster o permanenteng kustodya na inilagay sa ilalim ng iyong pangangalaga			
*CA/N Child Abuse & Neglect (Pang-aabuso at Pagpapabaya sa Bata)			
*RCG - Resource Caregiver (Tagapag-alagang Mapagkukunan)			

Paksa	Impormasyon
<b>Warm Line – Mapagkukunan ng Impormasyon</b>	<p>Ang Warm Line ay ang numerong maaari mong tawagan upang kumuha ng impormasyon, mga referral, at suporta sa telepono. Sila ay may mga listahan ng mga mapagkukunan sa komunidad (makukuha rin online sa <a href="http://www.FamilyProgramsHawaii.org">www.FamilyProgramsHawaii.org</a>), mga grupong sumusuporta, at mga oportunidad para sa pagsasanay para sa mga pamilyang mapagkukunan.</p> <p>Tumawag sa <b>(808) 545-1130 (Oahu)</b> o <b>1-866-545-0882 (Libreng Tawag para sa mga Karatig na Isla)</b>, 7 araw sa isang linggo mula 8:30am – 10pm o Mag-e-mail sa: <a href="mailto:WarmLine@FamilyProgramsHawaii.org">WarmLine@FamilyProgramsHawaii.org</a></p>
<b>Mobile App para sa mga Koneksyon sa Foster Care sa Hawaii</b>	<p>Ang Mobile Application para sa mga Koneksyon sa Foster Care sa Hawaii ay isang paraan para kumonekta ang mga Pamilyang Mapagkukunan sa mga makakatulong na sumusuportang serbisyo, mapagkukunan sa komunidad, at sa bawat isa. Makukuha sa mga phone na iPhone at Android.</p>
<b>Mga Tawag Pagkatapos ng mga Oras ng Tanggapan</b>	<p><b><u>911 (Pulisya/Bumbero/Ambulansya):</u></b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Mga emerhensya gaya ng medikal o mga mapanganib na sitwasyong krisis</li> <li>▪ Iulat ang mga insidente ng paglayas</li> </ul> <p><u>Hotline para sa Pang-aabuso at Pagpapabaya sa Bata (808) 832-5300 (Oahu)</u>  o <b>1-888-380-3088</b> (libreng tawag)</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Upang iulat ang pang-aabuso/pagpapabaya sa bata</li> <li>▪ Para kumonsulta at sa medikal na pahintulot</li> </ul> <p><u>Linya ng Pag-uulat para sa Human Trafficking (Pagbebenta ng Tao): 1-888-398-1188</u> o libreng fax: 1-888-988-6688</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Kung naghihinala kang biktima ng human trafficking ang isang menor de edad</li> </ul>

	<p><u>Adult Mental Health Division (AMHD, Dibisyon para sa Kalusugan ng Pag-iisip ng Adulto) Tatawagan sa Panahon ng Krisis sa Hawaii: 1-800-753-6879</u></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Tulong mula sa mga propesyonal na may kasanayan sa panahon ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip</li> </ul>
<p><b>Papel na Ginagampanan ng Tagapag-alagang Mapagkukunan</b></p>	<p>Ang tagapag-alagang mapagkukunan ay nagkakaloob ng pansamantalang pangangalaga sa mga batang nasa foster care. Kaya't napakahalagang makipagtulungan sa DHS upang suportahan ang muling pagsasama o upang itransisyon ang bata sa mga naaangkop na kamag-anak para sa permanenteng pangangalaga. Depende sa sitwasyon, maaaring kapalooban ito ng hindi bababa sa paunang pakikipagpulong sa (mga) tunay na magulang. Ang ilang tagapag-alagang mapagkukunan ay maaaring maging kumportableng gabayan ang mga tunay na magulang. Maaaring kapalooban ito ng pagkakaloob ng transportasyon o pangangasiwa at pagsuporta sa mga interaksyon sa pagitan ng mga tunay na magulang at bata o sa pagitan ng magkakapatid. Dagdag dito, kapapalooban ito ng pangangasiwa at pakikibahagi sa mga serbisyo upang suportahan ang kagalingan ng bata (pangkultura, etniko, pangkaisipan, pangangatawan, edukasyon, ispiritwal, atbp.) Ang papel na ginagampanan ng tagapag-alagang mapagkukunan ay upang magkaloob ng normal na kalagayan para sa mga batang nasa foster care. Ang “normal na kalagayan” na para sa mga kabataang nasa foster care, ay tumutukoy sa pagiging bahagi ng mapagmalasakit at sumusuportang pamilya, pagbuo at pag-aalaga ng pagkakaibigan, pakikibahagi sa mga ekstrakurikular at pang-araw-araw na aktibidad, pagiging isang tao, hindi isang tatak at paggawa ng mga desisyon, pagsubok sa mga bagong bagay at paminsan-minsan ay paggawa ng mga pagkakamali. Ang pagpapahintulot ng mga pagkakamali bilang mga oportunidad upang matuto at hindi magamit bilang dahilan upang palayasin ang bata/kabataan.</p>
<p><b>Pantustos sa Foster na Paninirahan</b></p>	<p>Ang mga Tagapag-alagang Mapagkukunan ay tumatanggap ng buwanang Pantustos sa Foster na Paninirahan:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ 0-5 taong gulang \$649 kada buwan sa bawat bata.</li> <li>▪ 6-11 taong gulang \$742 kada buwan sa bawat bata.</li> <li>▪ 12 taong gulang at pataas \$776 kada buwan sa bawat bata.</li> </ul>
<p><b>Pinansyal na Tulong sa Pag-aalaga sa Bata o Preschool</b></p>	<p>Ang mga pinansyal na subsidyo sa pag-aalaga sa bata/preschool para sa mga bata ay maaaring makuha sa iba't ibang programa, kabilang ang Childcare Connections, Preschool Open Doors, at mga Family Learning Center ng Keiki O Ka Aina (KOKA) (para sa mga batang Katutubong Hawayano at Amerikanong Indyano).</p>

	Tumawag sa Warm Line sa 545-1130 (Oahu) o 1-866-545-0882 (walang bayad) para sa impormasyon at mga referral.
<b>Child Information Folder (CIF, Impormasyon tungkol sa Bata)</b>	Ang bawat batang nasa foster care ay may CIF. Ang folder ay naglalaman ng lahat ng mga dokumento tungkol sa kalusugan/medikal, sikolohiya, pakikisalamuha, at edukasyon na makukuha ng DHS sa panahon ng pagkakatalaga ng bata. Ibibigay ang CIF sa tagapag-alagang mapagkukunan sa loob ng 30 araw ng pagkakatalaga ng bata. Ginagamit din ito upang maglagay ng karagdagang impormasyon at mga plano ng kasong ibinibigay sa tagapag-alagang mapagkukunan sa panahon ng pagkakatalaga. Kung lumipat mula sa tirahang mapagkukunan ang bata, dapat ibalik ang kumpletong CIF sa Social Worker.
<b>Pantustos sa Damit</b>	<p>Isang purchase order o mga ibinalik na ibinayad para sa damit (kabilang ang mga T-shirt at uniporma), mga sapatos, at lampin ang makukuha para sa bawat bata kada taon na hanggang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ <b>\$810</b> para sa mga batang nasa edad na 0-5 taong gulang</li> <li>▪ <b>\$822</b> para sa mga batang nasa edad na 6-11 taong gulang</li> <li>▪ <b>\$1,026</b> para sa mga batang nasa edad na 12 taong gulang at pataas</li> </ul> <p>Makipag-ugnay sa Social Services Assistant o Social Worker bago bumili ng anumang pananamit para ibalik ang ibinayad (kailangan ang mga orihinal na resibo para ibalik ang ibinayad). Maaari ring humiling ang Social Work ng mga damit mula sa (mga) magulang ng bata.</p> <p>Ang pantustos sa damit ay naaangkop sa mga batang nasa foster care, mga batang tumatanggap ng tulong sa permanenteng pangangalaga, mga nakababatang adulto sa Imua Kakou, at mga batang adultong tumatanggap ng mga Kabayaran para sa Mas Mataas na Edukasyon.</p>
<b>Mga Damit para sa Espesyal na Event o Aktibidad</b>	Ibabalik din ang ibinayad para sa mga unipormeng pang-sports, at mayroon ding tulong sa pagbili ng damit para sa mga prom, atbp. (Hanggang \$125 sa bawat bata kada taon). Makipag-ugnay sa Social Services Assistant o Social Worker ng bata bago bumili ng anumang damit.

<p><b>Community Clearinghouse ng Helping Hands Hawaii at Care to Share Project ng Family Programs Hawaii</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang <i>Community Clearinghouse ng Helping Hands Hawaii</i> ay makakapagbigay rin ng mga bagay na donasyon, gaya ng damit, mga crib, o higaan. Hilingin sa Social Worker ng bata na mag-fax ng kahilingan nang sa gayon ay makapag-iskedyul ang iyong pamilya ng appointment sa kanila. 440-3857. Makukuha lamang ng mga pamilya sa Oahu.</li> <li>• <i>Care to Share project ng Family Programs Hawaii sa buong estado</i> ay maaaring itugma ka sa isang nagbibigay ng donasyon sa iyong komunidad na mayroong mga bagay na kailangan mo. Tumawag sa Warm Line para sa higit pang impormasyon (tingnan ang Warm Line).</li> </ul>
<p><b>Kumpidensyalidad</b></p>	<p>Ang lahat ng impormasyong iyong tinatanggap mula sa Department of Human Services o mga tagapagkaloob ng serbisyo tungkol sa bata at sa pamilya ng bata ay kumpidensyal at <b>hindi dapat ibahagi kaninuman</b>. Ang impormasyon ay para lamang magamit mo nang sa gayon ay maunawaan mo ang bata at makapagbigay ka ng pinakamabuting pangangalaga para sa kanila.</p>
<p><b>Mga Pantustos sa Difficulty of Care (Kahirapan sa Pag-aalaga)</b></p>	<p>Kung ang bata ay nangangailangan ng mas maigting na pangangalaga at makakapagbigay ka ng karagdagang serbisyo/suporta, maaaring maging karapat-dapat ang batang tumanggap ng mga pantustos na DOC ng hanggang \$570 kada buwan. Magtanong at talakayin ito sa Social Worker ng bata.</p>
<p><b><u>Walang</u> Pisikal na Pagdidisiplina</b></p>	<p><b>Hindi</b> pinahihintulutan ang pisikal na pagdidisiplina sa mga foster na bata. Makipag-ugnay sa Social Worker, therapist ng bata, Warm Line, o iba pang mga sumusuportang serbisyo upang humingi ng tulong sa mga pamamaraan ng pagdidisiplina.</p>
<p><b>Normal na Kalagayan para sa mga Bata at Kabataan sa Foster Care</b></p> <p><b>“ALAMIN” Muna Bago Magsabi ng “HUWAG”</b></p>	<p>Sumangguni sa <i>Normalcy Guidelines (Mga Patnubay sa Normal na Kalagayan)</i> upang pag-aralan ang mga tanong at sagot para sa mga Tagapag-alagang Mapagkukunan tungkol sa pagkaloob ng normal na kalagayan para sa mga bata/kabataang nasa foster care. Ipinagkaloob ang impormasyon tungkol sa pantay na pakikibahagi sa edad o mga aktibidad na ekstrakurikular, pakikisalamuha, at pangkulura na angkop sa paglaki, gaya ng sa kanilang mga kklase at kasabayan. Ang mga patnubay na ito ay para sa mga Tagapag-alagang Mapagkukunan sa Prudent Parent Standards (Mga Pamantayan sa Pagiging Maingat na Magulang) at ibibigay ng iyong licensing worker (manggagawa sa paglilisensya) ng DHS sa una mong pagbisita.</p>
<p><b>Lisensya sa Pagmamaneho para sa Kabataan</b></p>	<p>Dapat pirmahan ng DHS ang aplikasyon sa lisensya sa pagmamaneho para sa sinumang kabataan na kung saan ang DHS ang permenteng kustodya nito at kuwalipikadong mag-apply para sa lisensya sa pagmamaneho. Kumonsulta sa iyong ahente ng insurance para sa sasakyan tungkol sa naaangkop na coverage (saklaw) at mga isyu sa liability (pananagutan) bago pahintulutan ang isang foster na kabataan na</p>

	<p>imaneho ang iyong sasakyan. Sumangguni sa seksyon sa Paghahanda sa Pagiging Adulto ng gabay na “ALAMIN” Muna Bago Magsabi ng “HUWAG,” para sa higit pang impormasyon.</p>
<p><b>Mga Enhancement Fund (Pondo sa Pagpapahusay) at mga Pondo ng DHS upang Itaguyod ang Normal na Kalagayan</b></p>	<p>Dedikado ang DHS sa pagsuporta sa pakikibahagi ng mga bata at kabataan sa mga normal na aktibidad at maisama sila sa bakasyon ng pamilya ng tagapag-alagang mapagkukunan. Ang mga ibabalik na ibinayad mula sa CWS ay mangangailangan ng mga orihinal na resibo pagkatapos makumpleto ang bakasyon kabilang ang mga orihinal na de-papel na boarding pass. Ang mga bata at kabataang nasa foster care ay maaaring maging kuwalipikado para sa mga enhancement fund na makukuha mula sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Friends of Children’s Justice Center of East Hawaii and Maui</li> <li>▪ Family Programs Hawaii (FPH) para sa Oahu at Kauai</li> <li>▪ Kids Matter-Friends of the Children’s Justice Center of West Hawaii</li> </ul> <p>Maaaring gamitin ang mga pondo upang tulungan ang pakikibahagi ng bata at kabataan sa mga ekstrakurikular at pampamilyang aktibidad gaya ng camp, sports at mga gawain sa paaralan, pamasaha sa eroplano para sa mga bakasyon ng pamilya, atbp. Limitado ang mga enhancement fund sa \$500 sa bawat bata kada taon. Makukuha rin ang pagpopondo sa pamamagitan ng DHS upang tumulong sa pakikibahagi ng mga bata at kabataan sa mga aktibidad na paglalakbay, ekstrakurikular, pakikisalamuha, pangkultura, at komunidad.</p> <p>Mangyaring makipag-ugnay sa SW ng bata para sa anumang mga kahilingan sa pagpopondo. Ang mga form para sa mga Enhancement Fund ay makukuha sa website ng DHS at FPH.</p>
<p><b>Mga Pederal na Benepisyo sa Buwis</b></p>	<p>Ang ilang kabayaran para sa foster care ay maaaring hindi isama (hindi mabubuwan) sa kabuuang kita. Maaari ring makinabang ang mga tagapag-alagang mapagkukunan sa iksemsyon para sa dumedepende. Dapat makipag-ugnay ang mga tagapag-alagang mapagkukunan sa Internal Revenue Services (Mga Serbisyo ng Rentas Internas), Department of Taxation (Kagawaran ng Pagbubuwan) ng Estado ng Hawaii, o sa isang accountant para sa buwis para sa karagdagang impormasyon at tulong hinggil sa mga naturang bagay tungkol sa buwis. Ang mga batang nasa foster care ay dapat nakatalaga sa tagapag-alagang mapagkukunan ng hindi bababa sa 6 na buwan upang makinabang sa benepisyon ng iksemsyon sa buwis.</p>
<p><b>Pinansyal na Tulong para sa mga Pagsasaya sa Panahon ng Tag-init at mga Aktibidad na Panlibangan</b></p>	<p>Maaaring ibalik sa mga tagapag-alagang mapagkukunan ang mga ibinayad para sa mga singil sa panggrupong aktibidad gaya ng mga scout, YMCA, YWCA, Boys &amp; Girls Cub, soccer, o baseball. Ang mga pagpapaliban sa matrikula para sa mga Summer Fun</p>

	<p>Program (Programang Pagsasaya sa Panahon ng Tag-init) ng Lungsod at County ay makukuha rin para sa mga mag-a-apply. Makipag-ugnay sa SSA o SW ng bata para sa tulong.</p>
<p><b>GAL/CASA</b></p>	<p>Isang Court Appointed Special Advocate (CASA, Espesyal na Tagapagtaguyod na Hinirang ng Korte) o isang Guardian Ad Litem (GAL, isang walang kinikilingang kinatawan para sa mga menor de edad na hinirang ng korte sa panahon ng paglilitis para sa kustodya) ay hinihirang ng Korteng Pampamilya upang magtaguyod sa pinakamabuting interes ng bata sa foster care. Alamin ang GAL/CASA ng bata at ang kanilang numero ng telepono (makukuha mula sa Social Worker ng bata) dahil maaari silang makatulong sa iyo sa pagtataguyod para sa bata.</p>
<p><b>Mga Makakatulong na Tips Tungkol sa Pakikipag-usap Sa mga Miyembro ng Team</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga mensahe sa telepono para sa Social Worker o tagapagkaloob ng serbisyo <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Magsalita nang malinaw, ibigay ang iyong pangalan at numero ng telepono, pangalan ng bata, tungkol saan ang iyong pagtawag, at mga oras kung kailan ka matatawagan.</li> <li>▪ Kung ang tawag ay tungkol sa medikal na coverage, damit o mga kabayaran, makipag-ugnay sa Social Services Assistant.</li> <li>▪ Kung kailangan mong agad na makipag-usap sa isang taong mula sa DHS, tawagan ang numerong ibinigay sa voice mail ng Social Worker o pindutin ang ekstensyong 0 at humiling na makipag-usap na Office Duty Social Worker na nakatalaga sa araw na iyon. Maaari mo ring hililing makipag-usap sa Unit Supervisor (Superbisor ng Yunit) o sa Licensing Worker.</li> <li>▪ Ang pagpapadala ng text message ay isang alternatibong paraan upang makipag-ugnay sa Social Worker.</li> </ul> </li> <li>• Mag-email sa Social Worker at kung hindi sumagot, isama ang Social Worker Supervisor.</li> <li>• Iba pang mga makakatulong na taong tatawagan ay ang GAL o CASA para sa impormasyon o adbokasiya, o therapist ng bata para sa tulong sa pagharap sa mga hamon sa pag-uugali/emosyon ng bata.</li> <li>• Ang therapist ng bata ay dapat mayroong numero tatawagan na pang-emerhensiya pagkatapos ng mga oras ng tanggapan. Laging humiling ng mga pangalan at numero ng telepono at laging itabi ang mga listahang ito na agad magagamit.</li> </ul>
<p><b>Mga Kabayaran sa Paninirahan Para sa Mas Mataas na Edukasyon</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kung ang kabataan ay nagnanais na pumasok sa institusyon ng mas mataas na edukasyon at naging kuwalipikado: <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ang mga kabayaran sa Paninirahan para sa Mas Mataas na Edukasyon na \$776 kada buwan ay maaaring magpatuloy hanggang sa edad na 26. Dagdag dito,</li> </ul> </li> </ul>

	<p>mayroong pantustos sa damit na naaangkop sa mga batang nasa foster care, mga batang tumatanggap ng tulong sa permanenteng pangangalaga, mga nakababatang adulto sa Imua Kakou, at mga batang adultong tumatanggap ng mga Kabayaran para sa Mas Mataas na Edukasyon. Talakayin ito sa Social Worker ng bata.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Education Training Voucher (ETV, Voucher para sa Pagsasanay sa Edukasyon): <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ang dating foster na kabataan ng DHS na nanatili sa foster na pangangalaga hanggang sa edad na 18 taong gulang at pataas, inampon mula sa DHS sa edad na 16 na taong gulang at pataas, nasa Legal Guardianship (Ligal na Pangangalaga) ng isang Kamag-anak sa edad na 16 na taong gulang at paraas ay maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng hanggang \$5,000/taon na makakatulong sa mga gastusing nauugnay sa Mas Mataas na Edukasyon hanggang sa kanilang ika-26 na kaarawan.</li> </ul> </li> </ul>
<p><b>Pangangalaga sa Sanggol</b></p>	<p>Humingi ng gabay mula sa Social Worker ng bata at mga kagamitan mula sa Licensing worker ng DHS, Primary Care Physician (Pangunahing Doktor) ng bata, atbp. tungkol sa pangkalahatang pangangalaga, mga kritikal na hakbang sa kaligtasan, atbp.</p> <p>Ang mga batang hanggang 5 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat sa mga serbisyo ng Women Infant Children (WIC, Programa para sa Nutrisyon), na nagkakaloob ng formula at masusustansyang pagkain para sa batang nasa foster care.</p> <p><b>HUWAG NA HUWAG</b> aalugin ang SANGGOL o bata (Shaken Baby Syndrome, uri ng pag-aabuso na nagdudulot ng pinsala sa utak).</p>
<p><b>Pagpapatili ng mga Rekord</b></p>	<p>Magpapatili ng detalyadong dokumentasyon ng mga pag-uugali, paraan ng pagkain, at mga gusto at ayaw ng bata. Dagdag dito, itala ang lahat ng appointment sa doktor, pagbisita sa dentista, yugtong napagdaanan at mga kahirapan sa edukasyon, pakikipag-ugnayan sa telepono, pagbisita sa bahay ng social worker ng bata, at pakikisalamuha sa tunay na pamilya. Magpapatili ng listahan ng lahat ng taong nakikibahagi sa buhay ng bata, kabilang ang kanilang pangalan, ahensya, at numero ng telepono.</p>
<p><b>Liability Insurance (Seguro para sa Pananagutan)</b></p>	<p>Ang mga lisensyadong tagapag-alagang mapagkukunan ng DHS na nagkakaloob ng pangangalaga para sa mga foster na bata ng DHS ay kasama sa isang LIMITADONG coverage (saklaw) para sa liability Insurance na binibili at ipinagkakaloob ng Kagawaran. Pag-aralan ang polyeto kasama ang iyong Licensing worker ng DHS. Lubos na inirerekomenda rin na ang lahat ng tagapag-alagang mapagkukunan ay dapat bumili ng homeowner o renter’s insurance (seguro para sa may-ari ng tirahan o nangungupahan).</p>



<p><b>Saklaw para sa Medikal na Insurance</b></p>	<p>Ang mga bata sa foster care ay saklaw ng Programang Medicaid ng Estado. Dapat kang makatanggap ng impormasyon sa medikal na kard para sa bawat bata. Kung hindi mo pa natatanggap ang medikal na kard, hindi alam kung saan dadalhin ang bata para sa mga serbisyong medikal o para sa ngipin, o magtanong ng tungkol sa pagpapalit ng mga provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan), makipag-ugnay sa Social Services Assistant ng bata.</p>
<p><b>Ibinabalik na Ibinayad para sa Milyaheng Naibiyah</b></p>	<p>Kung hinahatid mo ang bata para sa mga appointment sa therapist, pakikisalamuha sa tunay na pamilya, pagpupulong sa paaralan, o dumadalo ka sa mga pagsasanay na may kaugnayan sa bata, maaaring ibalik ang ibinayad sa iyong milyahe sa kasalukuyang antas ng pantustos para sa milyahe. Tawagan ang Social Services Assistant o Social Worker ng bata para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga partikular na sitwasyong kuwalipikado ang pagbabalik ng ibinayad.</p>
<p><b>Mga Newsletter</b></p>	<p>Ang DHS ay nagkaloob ng pagpopondo para sa pagpapadala ng Newsletter kada tatlong buwan sa mga tagapag-alagang mapagkukunan ng DHS. Ang PIDF- Hui Ho'omalua Statewide GLUE Committee ay nagkaloob sa tagapag-alaga ng sumusuportang impormasyon para sa mga pamilyang mapagkukunan. Upang humiling ng newsletter, tumawag sa Hui Ho'omalua sa (808) 441-1125 (Oahu) o 1-888-879-8970 (walang bayad).</p>
<p><b>Pagpupulong ng 'Ohana, Paghahanap ng Pamilya, at Mga Ugnayang Pampamilya</b></p>	<p>Ang EPIC 'Ohana, Inc. ay nagkaloob ng mga Kumperensya ng Ohana sa buong estado upang pagtipun-tipunin ang mga kamag-anak ng mga batang bahagi ng sistemang CWS upang magplano nang mabuti at maingat para sa proteksyon at kaligtasan at pagkapermanente ng pangangalaga sa mga bata. Maaari ring humiling ang mga tagapag-alagang mapagkukunan ng isang Pagpupulong ng 'Ohana at lubos na hinihikayat na dumalo sa mahahalagang pagpupulong na ito. Nagkaloob din ang EPIC 'Ohana ng mga serbisyo sa Paghahanap ng Pamilya at Ugnayang Pampamilya sa mga kabataang nasa foster care. Makipag-ugnay sa (808) 838-7752 (Oahu) o 1-866-636-1644 (walang bayad).</p>
<p><b>Mga Klase para sa Magulang</b></p>	<p>Naghahandog ang PATCH ng iba't ibang serbisyong libre at nasa mababang halaga upang bigyan ng edukasyon ang mga magulang, atbp. Makakapunta ang mga pamilyang mapagkukunan sa mga klase para sa magulang sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Kagawaran. Direktang magpapadala ng liham ang PATCH sa mga pamilyang mapagkukunan ng DHS. Para sa ibang mga mapagkukunan ng suporta at impormasyon para sa magulang, tawagan ang Warm Line sa (808) 545-1130 (Oahu) o 1-866-545-0882 (walang bayad).</p>



	<p>Ang Fosterparentcollege.com ay isang mapagkukunan ng impormasyon online, tawagan ang Warm Line upang ma-access nang libre.</p>
<p><b>Mga Serbisyong Pang-therapy o Sikolohikal</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Maaaring ma-access ng mga batang nasa foster care ang therapy sa pamamagitan ng MedQuest Health Plan.</li> <li>• Ang mga batang nasa foster care ay maaari ring maging karapat-dapat para sa mga serbisyong pang-therapy sa pamamagitan ng kanilang paaralan, kung ang bata ay nasertipikahan para sa mga serbisyong ito at kung kasama ito sa Individual Education Plan (IEP, Plano sa Pang-indibidwal na Edukasyon) ng bata. Makipagtulungan sa Social Worker ng bata, sa paaralan at sa Surrogate Parent (Haliling Magulang) ng Kagawaran ng Edukasyon.</li> <li>• Ang mga batang nasa foster care ay maaari ring maging karapat-dapat para sa mga serbisyong pang-therapy sa pamamagitan ng Dept. of Health-Child &amp; Adolescent Mental Health Division (CAMHD, Kagawaran ng Kalusugan-Dibisyon sa Kalusugang Pangkaisipan ng Bata at Nagbibinata at Nagdadalaga). Makipagtulungan sa Social Worker ng bata tungkol sa posibleng referral.</li> <li>• Talakayin sa Social Worker ng bata ang anumang mga pag-aalala para sa mga serbisyong pang-therapy.</li> </ul>
<p><b>Handbook ng Impormasyon para sa Tagapag-alagang Mapagkukunan</b></p>	<p>Kabilang sa handbook ang mga pangunahing impormasyon para sa mga tagapag-alagang mapagkukunan at ibibigay ito ng iyong licensing worker ng DHS sa unang pagbisita sa bahay.</p>
<p><b>Pagre-recruit at Paglilisensya sa Pamilyang Mapagkukunan</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kung may kilala kang nagnanais na maging isang pangkalahatang-lisensyadong tagapag-alagang mapagkukunan, mangyaring i-refer sila sa Hui Ho`omalua sa (808) 441-1117 o sa walang bayad na 1-888-879-8970. I-refer ang mga pangkalahatang-lisensyadong pamilyang mapagkukunan para sa hinaharap at tumanggap ng \$200 na gift card na maaari mong piliin kapag sila ay naging lisensyado.</li> <li>• Kung ikaw ay isang pamilyang mapagkukunan na nakatuon sa bata at interesadong maging isang pangkalahatang-lisensyadong pamilyang mapagkukunan, mangyaring makipag-ugnay sa iyong licensing worker.</li> <li>• Ang pagsasanay na nakatuon sa bata at paglilisensya para sa mga pamilyang kamag-anak o may dating kaugnayan sa bata ay ipinagkakaloob ng ahensyang nakakontrata sa DHS na Catholic Charities Hawai'i, isang kaakibat ng Partners In Development Foundation, na inire-refer ng DHS.</li> </ul>

<p><b>Aklatang Mapagkukunan</b></p>	<p>Mayroong mga ipinahihiram na aklat at DVD ang Wark Line sa buong estado tungkol sa foster care. Maaaring makatanggap ng mga oras ng pagsasanay ang mga tagapag-alagang mapagkukunan para sa aklat na inaprubahang mabasa at mga DVD na inaprubahang mapanood.</p>
<p><b>Mga Pondo para sa Pahinga</b></p>	<p>Kung kailangan mo ng pahinga o kung ikaw ay magbabakasyon, ang mga pondo para sa pahinga ay maaaring makatulong upang bayaran ang isang taong mag-aalaga sa bata. Responsibilidad ng tagapag-alagang mapagkukunan na maghanap ng magkakaloob ng pahinga. Responsibilidad ng Tagapag-alagang Mapagkukunan na siguraduhing naaangkop ang babysitter na kumpletuhin ang trabaho at ito ay binibigyan ng gabay sa kung ano ang gagawin sa isang emerhensya. Dagdag dito, ipapaliwanag din ang mga mapaparaan sa pagdidisiplina at kumpidensyalidad sa babysitter. Mayroong makukuhang limitadong pondo ayon sa piskal na taon. Tumawag sa Social Services Assistant o Social Worker.</p> <p>(Hindi karapat-dapat sa mga pondo para sa pahinga ang mga Nakatalagang RCG-Emergency Shelter Home at mga Shelter)</p>
<p><b>Mga Benepisyong Nakabase sa Paaralan</b></p>	<p>Alamin sa paaralan ng bata ang tungkol sa mga aplikasyon para sa mga tanghalian sa paaralan na libre o nasa mababang halaga, bus pass, mga After-School Plus (A+) Program (mga programa pagkatapos ng klase), at mga waiver sa matrikula sa summer school (pag-aaral tuwing panahon ng tag-init) (mga waiver para sa summer school batay sa makukuhang pondo) para sa mga batang nasa foster care. Kung hindi nakatanggap ang bata ng libreng bus pass, alamin sa Social Services Assistant o Social Worker ang tungkol sa pagbabalik ng ibinayad o mga pamamaraan sa purchase order para sa mga bus pass. Huwag kalimutang ilagay sa mga aplikasyon na ang bata ay nasa foster care at ang pangalan at numero sa pakikipag-ugnayan ng Social Worker nang sa gayon ay magkakaroon ng espesyal na pagpoproseso ang aplikasyon.</p> <p>Alamin ang anumang mga karagdagang benepisyo/scholarship na inihahandog ng paaralan.</p> <p>*Tandaan: mangyaring isalang-alang ang nararamdaman ng bata dahil ang ilang bata ay nahihiya sa mga sitwasyong tumutukoy sa kanila bilang mga foster na bata.</p>
<p><b>Mga Scholarship para sa Summer School</b></p>	<p>Madalas na maghahandog ang mga Paaralan ng Kamehameha ng mga scholarship/pinansyal na tulong para sa mga sesyon ng summer school para sa mga batang Katutubo ng Hawaii na nasa pangangalaga. Upang malaman ang pagkakaroon ng ninunong Katutubo ng Hawaii, kailangan 3 henerasyon ng ninuno. Makipag-ugnay sa data center ng Ho'olu upang simulan ang proseso.</p>

<p><b>Social Media</b></p>	<p>Pinagbabawalan ang lahat ng tagapag-alagang mapagkukunan na magpaskil ng mga larawan ng batang nasa foster care o iba pang impormasyon sa anumang social media site.</p>
<p><b>Karagdagang Kabayaran para sa mga Medikal na Pag-aalala</b></p>	<p>Ang mga medikal na paggagamot o gamot para sa mga tagapag-alagang mapagkukunan o miyembro ng tirahan ay maaaring mabigyan ng hanggang \$500 kada insidente o \$500 kada tao, depende sa mga rekomendasyon ng doktor para sa pisikal na kondisyon ng bata, gaya ng Hepatitis B, atbp. Ang pangangailangan para sa mga supply na panlinis para sa tirahan o pamilya ay dapat maitatag ng Social Worker. Ang pangangailangan para sa mga paggagamot, gamot, o supply na iyon ay dapat magkaroon ng kaugnayan sa pisikal na kondisyon ng batang nasa foster care.</p>
<p><b>Mga Sumusuportang Grupo</b></p>	<p>Mayroong mga sumusuportang grupo sa iba't ibang lugar.</p> <p>Tingnan ang <a href="http://www.FamilyProgramsHawaii.org">www.FamilyProgramsHawaii.org</a> at i-click ang 'RFSS Events' (mga kaganapang RFSS) para sa mga listahan o tawagan ang Warm Line para sa karagdagang impormasyon. (Tingnan ang Warm Line)</p> <p>Inihahandog ang mga online na sumusuportang grupo kada tatlong buwan.</p>
<p><b>Mga Karagdagang Sumusuportang Serbisyo para sa Counseling</b></p>	<p>Nakikipagkontrata ang Kagawaran sa iba't ibang ahensya sa buong estado upang magkaloob ng Comprehensive Counseling &amp; Supportive Services (CCSS, Mga Komprehensibong Serbisyong Counseling at Serbisyong Sumusuporta) upang mapatatag at mapreserba ang kapaligirang tinitirhan ng bata (para sa mga tunay at mapagkukunang pamilya). Tawagan ang Social Services Assistant o Social Worker ng bata para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-access ng mga serbisyong ito.</p>
<p><b>Mga Pagsasanay at Workshop</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mayroong Iniaatas na Nagpapatuloy na Pagsasanay para sa lahat ng lisensyadong pamilyang mapagkukunan na may pinakamababang anim (6) na oras ng pagsasanay kada pamilya na iniaatas taun-taon o 12 oras sa loob ng dalawang taong panahon ng pagiging lisensyado.</li> <li>• Nagkaloob ng pagpopondo ang Kagawaran upang suportahan ang pagsasanay para sa pamilyang mapagkukunan para sa paglilisensya sa foster na tirahan ng DHS sa pamamagitan ng Hui Ho'omalū. Ipinagkaloob ang patuloy na pagsasanay ng Family Programs Hawaii (Programang mga Sumusuportang Serbisyo para sa mga Pamilyang Mapagkukunan).</li> <li>• Isang listahan ng inaprubahang patuloy na pagsasanay ang makukuha sa pamamagitan ng iyong licensing worker o Warm Line upang magparehistro.</li> </ul> <p>-Mayroong online na pagsasanay; tawagan ang Warm Line upang magparehistro.</p>

	<p>-Mayroong mga tagapagsalita at workshop sa iba't ibang paksa ng interes sa buong taon; tawagan ang Warm Line upang magparehistro.</p>
<p><b>Transisyon at mga Serbisyo para sa Kabataan</b></p>	<p>Kausapin ang Social Worker ng bata tungkol sa mga referral sa mga sumusunod na programa para sa kabataan o tawagan ang Warm Line para sa karagdagang impormasyon:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li><b>1. Mga Serbisyo ng Independent Living Program (ILP, Programa sa Pamumuhay nang Mag-isa):</b> tumutulong sa kabataan (mula sa edad na 12 taon) na bumuo ng kaalaman, mga kasanayan, at mga koneksyon upang gumawa ng matagumpay na transisyon patungo sa pamumuhay nang mag-isa.</li> <li><b>2. E Makua Ana Youth Circle (YC):</b> Nagkakaloob ng proseso para sa grupo para sa mga nagbibinata at nagdadalaga na ipagdiwang ang kanilang kalaayaan mula sa foster care at tulungan sila sa pagpapalano para sa kanilang kalayaan/pakikipagtulungan.</li> <li><b>3. Hawai'i Foster Youth Coalition (Koalisyon ng Foster na Kabataan ng Hawai'i):</b> tumutulong sa kabataan sa dalawang pinagtutuunang larangan. Ang isa ay taunang pagpunta sa Kaho'olawe upang kumonekta sa prosesong grounded healing na naaayon sa kultura. Ang iba pang larangan ng aktibidad ay isang gawaing proyekto ng pagpapaunlad na tinatawag na HI Rising.</li> <li><b>4. Hawai'i Youth Opportunities Initiative and HI H.O.P.E.S Youth Leadership Board:</b> tumutulong sa kabataan (14-26 na taong gulang) sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga pampubliko at pribadong kaakibat upang mapabuti ang mga patakaran at gawain, itaguyod ang pakikibahagi ng kabataan, iangkop ang pagsusuri at pananaliksik, at lumikha ng mga samahan sa komunidad.</li> <li><b>5. Imua Kakou (IK):</b> isang boluntaryong programa upang tulungan ang mga nakababatang adultong nasa pagitan ng mga edad na 18-21 taong gulang na hindi na bahagi ng foster care, na matagumpay na magtransisyon sa pagiging adulto. Mayroong pagbabalik sa ibinayad sa foster na paninirahan na \$776, pagbabalik sa ibinayad para sa mga bus pass, at \$1,026 na pantustos sa damit (na kinabibilangan ng damit at mga lampin para sa sinumang bata o dating foster na kabataan). Dapat sumali ang kabataan sa mga karapat-dapat na aktibidad gaya ng mas mataas na edukasyon, trabaho o pagsasanay sa trabaho, atpb.</li> <li><b>6. Proyektong Pagbisita:</b> pinagtitipun-tipon ang mga kapatid, na nakatira sa mga hiwalay na foster na tirahan para sa mga buwanang pagbisita. Sa Oahu lamang.</li> <li><b>7. Foster Hope Hawaii App:</b> Isang tool upang ikonekta at suportahan ang kabataan sa mga Isla ng Hawaii sa pamamagitan ng mga serbisyong sumusuporta sa komunidad at</li> </ol>

	<p>mga mapagkukunan ng impormasyon at suporta para sa malusog na pamumuhay, pabahay, edukasyon, pananalapi at trabaho. Makukuha sa mga phone na iPhone at Android.</p>
<p><b>Mga Pamamaraan sa Pagbibiyaha</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>•Kailangan ang pahintulot ng magulang para sa mga batang nasa foster care upang bumiyaha sa labas ng isla kasama ang kanilang mga tagapag-alagang mapagkukunan. <b><i>Ang mga batang nasa foster care ay HINDI pinahihintulatang bumiyaha sa labas ng isla kung walang utos ng korte.</i></b></li> <li>•Mga boluntaryong kaso: Hindi makakabiyaha ang bata kung hindi magpapahintulot ang magulang. Proseso ng pagkuha ng utos mula sa korte na nagpapahintulot sa batang nasa foster care na bumiyaha; nangangailangan ng minimum na 3 – 4 na linggong abiso.</li> <li>•Mga kaso sa korte: Kung magpapahintulot ang mga magulang at GAL/CASA, dapat ipaalam sa korte na hindi tumututol ang mga magulang at ang GAL/CASA. Kung tumututol ang mga magulang o ang GAL/CASA, dapat maghain ng mosyon sa Korte at magpapasya ang Korte kung maaaring bumiyaha ang bata. Sa mga sitwasyon kung saan hindi matagpuan ang mga magulang ngunit hindi tumututol ang DHS at GAL/CASA, dapat ipaalam sa Korte ang mga pagsusumikap ng DHS na hanapin ang mga magulang at na walang pagtutol ang DHS at GAL/CASA.</li> </ul>
<p><b>Iba pang Makakatulong na Mapagkukunan ng Impormasyon at Suporta sa Buong Estado</b>  <b><i>(Tawagan ang Warm Line para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan ng suporta at impormasyon at ang SW ng bata upang simulan ang referral)</i></b></p>	
<p><b>Koneksyon sa Pag-aalaga ng Bata sa Hawaii</b> nagkakaloob sa mga kuwalipikadong pamilya ng mga pinansyal na subsidyo upang tumulong sa mga gastusin sa pag-aalaga ng bata. Maaaring maging kuwalipikado ang mga pamilyang mapagkukunan. Mga lokasyon: Oahu-Honolulu 566-2600; Oahu-Waipahu 356-5577; Hilo 961-6807; Kauai 245-2193; Kona 334-6101; Maui (kabilang ang Molokai &amp; Lanai 249-2461</p>	
<p><b>Mga Surrogate Parent ng Department of Education (DOE, Kagawaran ng Edukasyon):</b> Kung karapat-dapat ang foster na bata para sa espesyal na edukasyon, isang surrogate parent ang maaaring itataga sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa paaralan ng bata.</p>	
<p><b>Linyang Tatawagan para sa Referral sa Unang Interbensyon</b> Ang unang kokontakin para sa mga katanungan o impormasyon sa mapagkukunan para sa mga batang may mga pagkaantala sa paglaki (0-3 taong gulang) o mga nangangailangan ng impormasyon tungkol sa kung paano maa-access ang espesyal na edukasyon na preschool (3-5 taong gulang). Tatawagan sa Oahu: 594-0066 o 1-800-235-5477 (libreng tawag)</p>	
<p><b>Learning Disabilities Association of Hawaii (LDAH):</b> nagkakaloob ng impormasyon at may mga tagapagtaguyod na makakapagbigay sa iyo ng payo o posibleng sumalo sa Espesyal na Edukasyon-IEP kasama ang tagapag-alaga.</p>	
<p><b>Mga Public Health Nurse (PHN):</b> mahalagang tulong na partikular na para sa mga tagapag-alaga ng mga bagong panganak – 3 taong gulang, maraming mapagkukunan ng suporta at impormasyon, pagbibigay ng edukasyon sa mga bagong magulang, mga tips sa kaligtasan, pagsusuri sa kalusugan at paglaki ng bata, makakatulong sa paggawa ng referral para sa mga pagsusuri sa paglaki, atbp.</p>	

**Programang Women Infant Children (WIC):**

Ang mga batang nasa foster care na wala pang 5 taong gulang ay maaaring maging kuwalipikado para sa masustansyang pagkain, mga referral para sa pangangalagang pangkalusugan, at edukasyon sa nutrisyon, atbp.

**Mga Makakatulong na Website sa Internet**

[www.humanservices.hawaii.gov](http://www.humanservices.hawaii.gov) - Ang website ng Department of Human Services ng Hawai'i's ay nagkaloob ng impormasyon tungkol sa mga programa, mapagkukunan ng suporta at impormasyon at mga patakaran sa loob ng kanilang kagawaran.

[www.auw211.org](http://www.auw211.org) – Ang website na 211 ng Aloha United Way ay nagpapahintulot sa mga taong magsaliksik sa kanilang database online para sa iba't ibang ahensya at programang mayroon sa loob ng estado.

[www.cwla.org](http://www.cwla.org) – Ang website ng Child Welfare League of America ay may impormasyon tungkol sa mga programa, lathalain, at pambansang kumperensya at pagpupulong.

[www.FamilyProgramsHawaii.org](http://www.FamilyProgramsHawaii.org) – Ang website ng Family Programs Hawai'i's ay may mga online na Manwal ng Mapagkukunan ng Impormasyon na may mga listahan ng mga ahensya at Programang nakakatulong sa mga pamilyang mapagkukunan at isang buwanang kalendaryo ng mga sumusuportang grupo at pagsasanay.

[www.FosterParentCollege.com](http://www.FosterParentCollege.com) & [www.fosterparents.com](http://www.fosterparents.com) – Ang mga website ng Foster Parent College and Foster Care & Adoptive Community ay nagkaloob ng mga pagsasanay online na partikular para sa mga pamilyang mapagkukunan at mga karaniwang problemang kanilang kinakaharap. Maaaring tumanggap ang mga tagapag-alaga ng mapagkukunan ng mga oras ng pagsasanay para sa mga kurso online. Makipag-ugnay sa Warm Line upang i-access ang mga libreng online na kurso para sa mga tagapag-alagang mapagkukunan.

[www.nfpainc.org](http://www.nfpainc.org) – Ang website ng National Foster Parent Association ay nagkaloob ng impormasyon tungkol sa pagiging foster na magulang, mga programa, pagsasanay at edukasyon, mga scholarship, sanggunian at mga link sa ibang mga site.

[www.pidfoundation.org](http://www.pidfoundation.org) - Ang website ng Partners In Development Foundation ay may impormasyon tungkol sa Hui Ho'omalua at ibang mga programa at proyekto upang tumulong sa komunidad, lalo na sa Komunidad ng Katutubo ng Hawaii.

**Tinipon ng mga tauhan ng Department of Human Services (DHS) staff at Family Programs Hawaii Resource Families Support Services, na isinasama ang impormasyon mula sa It Takes an Ohana (ITAO) at iba pang mga mapagkukunan ng suporta at impormasyon.**

**Sadyang iniwang blangko ang pahinang ito**





## MGA PANGUNAHING BAGAY TUNGKOL SA PAMILYANG MAPAGKUKUNAN

### Pahina ng *Pirma* ng Tagapag-alagang Mapagkukunan

Sa pamamagitan ng pagpirma ng aking pangalan sa ibaba, kinikilala kong pinag-aralan nang mabuti ang Licensing worker ng DHS ang Mga Pangunahing Bagay Tungkol sa Pamilyang Mapagkukunan na kasama ako sa petsang ito \_\_\_\_\_.

**Petsa (MM/DD/YY)**

\_\_\_\_\_  
**Pirma ng Tagapag-alagang Mapagkukunan 1**

\_\_\_\_\_  
**Ilimbag ang buong pangalan ng Tagapag-alagang Mapagkukunan 1**

\_\_\_\_\_  
**Pirma ng Tagapag-alagang Mapagkukunan 2**

\_\_\_\_\_  
**Ilimbag ang buong pangalan ng Tagapag-alagang Mapagkukunan 2**

\_\_\_\_\_  
**Pirma ng Licensing/Placement Worker ng DHS**

\_\_\_\_\_  
**Ilimbag ang buong pangalan ng Licensing/Placement Worker ng DHS**